

Kalusugan at kaligtasan sa trabaho – Paglilinis

Ang COVID-19 ay kumakalat sa pamamagitan ng mga droplet ng respiratoryo na nalilikha kapag ang isang nahawaang tao ay umubo o bumahing. Ang isang tao ay maaaring mahawahan ng virus sa pamamagitan ng paghawak sa ibabaw o bagay na may virus at pagkatapos ay hihipuin ang kanilang bibig, ilong o mga mata.

Ang mga lugar ng trabaho ay kailangang linisin kahit man lang araw-araw. Ang paglilinis gamit ang sabon (detergent) at tubig ay sapat na.

Dapat mong:

- bawasan ang paghawak sa mga iba-ibabaw; magpaskil ng mga karatula at suportahan ang iyong mga manggagawa sa pagpapaalala sa mga kostumer
- bawasan ang bilang ng mga bahaging nahahawakan (touch points) para sa mga manggagawa
- maglaan ng mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay o hand sanitiser sa mga lugar ng pasukan at labasan hangga't maaari.

Paano maglilinis at magdisimpekta

Bago disimpektahin ang ibabaw, mahalaga na nalinis muna ito. Maaaring mabawasan ng dumi at grasa ang kakayahan ng mga pandisimpekta na pumuksa ng mga mikrobyo.

Dapat kang magbigay sa iyong mga manggagawa ng angkop na mga produkto ng paglilinis at pagdisimpekta at pansariling kagamitang pamproteksyon (personal protective equipment), at tiyakin na sila ay sinanay kung paano gamitin ang mga ito.

Ano ang pagkakaiba ng paglilinis at pagdidisimpekta?

Ang Paglilinis ay tumutukoy sa pisikal na pagtanggap ng mga mikrobyo (bakteryang at mga virus), dumi at grasa mula sa mga iba-ibabaw gamit ang pinaghalong sabon at tubig.

Ang Pandisimpekta ay tumutukoy sa paggamit ng mga kemikal upang puksain ang mga mikrobyo sa mga iba-ibabaw. Ang mga pandisimpekta ay karaniwang ginagamit lamang kung ang iba-ibabaw ay maaaring nakontamina ng virus.

Aling mga lugar ang dapat linisin at disimpektahin, at gaano kadalas?

Anumang mga ibabaw na madalas na hawakan ay dapat linisin nang regular, tulad ng mga hawakan ng pinto, counter, telepono, EFTPOS at mga amenidad na tulad ng kubeta.

Ang mga ibabaw na nakikitang marumi, o natapunan, ay dapat linisan sa lalong madaling panahon.

Ang pagdisimpekta ay kinakailangan kung may isang nakumpirma o pinaghihinalaang kaso ng COVID-19 sa lugar ng trabaho. Kung ang iyong lugar ng trabaho ay pinapasukan ng maraming mga tao sa bawat araw, inirerekomenda na disimpektahin mo ito nang regular.

Paano kung may isang kaso ng COVID-19 sa aking lugar ng trabaho?

Kung mayroon kang isang kaso ng COVID-19 sa lugar ng trabaho, ang [ang awtoridad sa kalusugan ng inyong estado o teritoryo](#) ay magsasabi sa iyo kung ano ang gagawin. Sundin ang kanilang mga tagubilin.

Ang iyong lugar ng trabaho ay kailangang lubos na nalinis at nadisimpekta bago pabalikin ang mga tao sa lugar ng trabaho.

Paano naman ang mga personal na gamit ng mga manggagawa?

Dapat mong sabihin sa iyong mga manggagawa na regular na linisin ang mga personal na gamit sa lugar ng trabaho, tulad ng mga salamin sa mata at telepono, gamit ang pandisimpektang wipes.

Kung wala nang mabili (sold-out), maaari ba akong gumawa ng sarili kong pandisimpekta?

Ang mga pandisimpekta na ipinagbibili sa tindahan ay tumutugon sa mga pamantayan ng pamahalaan, kaya alam mo na mabisa ang mga ito. Gayunman, maaari kang magtimpla ng pandisimpekta gamit ang bleach at tubig. Siguruhin na maingat mong hinahawakan ang mga kemikal dahil maaaring maging mapanganib ang mga ito.

Ano ang dapat isuot ng aking mga manggagawa sa paglilinis?

Sa karamihan ng mga sitwasyon, hindi na kailangang magsuot ng kasuotang pamproteksiyon ng mga manggagawa sa iyong lugar ng trabaho. Bilang panimula:

- ang mga guwantes ay minimum na kinakailangan
- ang mga mask na pang-ospital ay dapat gamitin kung naglilinis ng isang lugar na naapektuhan ng isang pinaghihinalaan o nakumpirmang kaso ng COVID-19
- ang mga gown at pang-isahang gamit na mga kasuotan (disposable suits) ay hindi kinakailangan
- kailangan mong magbigay ng pansariling kagamitang pamproteksiyon (PPE) at sanayin ang iyong mga manggagawa kung paano ito gagamitin nang ligtas.

Mapupuksa ba ng produktong kontra-bakterya (antibacterial) ang COVID-19?

Ang mga produktong kontra-bakterya ay dinisenyo upang patayin ang bakterya. Gayunpaman, ang COVID-19 ay sanhi ng isang virus at hindi bakterya, kaya ang produktong kontra-bakterya ay hindi kinakailangan.

Para sa paglilinis ng mga kamay, ang regular na paggamit ng sabon at maligamgam na tubig ay mabisa.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 at sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, pumunta sa [website ng Safe Work Australia](https://www.swa.gov.au/coronavirus).